



#### EDITORIAL

## Palawakin at palakasin ang kilusang manggagawa at mga pakikibakang unyon

**S**a gitna ng bumubulusok na kabuhayan ng masang anakpawis, lalong kinakailangang kumilos ang masang manggagawa sa unahan ng mga pakikibakang bayan para isulong ang interes, kapakanan at mga hangarin ng sambayanan. Dapat ituon ng Partido Komunista ng Pilipinas ang kanyang pansin at lakas para baklasin ang mga balakid na humahadlang sa pasulong na pagmartsa ng masang manggagawa para sama-samang labanan ang tumitinding pagsasamantala at pang-aapi, at pasistang panunupil.

Dapat magbalik-tanaw sa kasaysayan ng kilusang paggawa, mula pag-usbong at panimulang pagsulong sa unang bahagi ng ika-20 siglo, hanggang pagyabong at ibayong paglaganap sa susunod na mga dekada, upang halawan ng inspirasyon at mga aral para gamiting gabay sa pagsulong sa kasalukuyang panahon.

Kahit wala pang malalaking empresa, ipinamalas ng noo'y bubot pang uring manggagawa sa Pilipinas—mga trabahador sa imprenta, asukarera, pagawaan ng sigarilyo, mga sastre, sapatero, karpintero, barbero at iba pa—ang determinasyong mag-

kaisa at ipagtanggol ang interes ng mga anakpawis at ng buong bayan. Dumaloy sa kanilang ilandaang mga gremyo, bukluran at unyon ang kanilang kapangyarihang panlipunan at pampulitika na nagkahugis sa malawakang mga welga, pangkalahatang pag-aaklas at pagbuhos sa lansangan ng daan-daan libong mamamayan.

Sa paglawak ng kalakalang kolonyal at neokolonyal, at operasyon sa mga minahan at mga plantasyon, pagmamanupaktura, pag-asembol at pag-iimpake na pag-aari ng malalaking burgesyang komprador at asendero, lumaki ang bilang ng mga

manggagawa sa Pilipinas, at kaakibat nito, ang kanilang mga unyon at kolektibong lakas. Sumiklab ang mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika ng militanteng kilusang manggagawa noong dekada 1930, sa katapusan ng dekada 1960 at simula ng dekada 1970, at sa unang hati at katapusang bahagi ng dekada 1980, kahit sa harap ng pasistang panggigipit at panunupil.

Mula dekada 1990, lumiit ang porsyento ng mga manggagawang may unyon at bilang ng welga. Umigting ang mga neoliberal na paninibasis sa kilusang paggawa na kinatampukan ng malawakang masaker sa regular na trabaho, "no union, no strike policy" sa mga englabo at *export processing zone* (simula pa dekada 1970), at ng todo at sistematikong "pleksibilisasyon" (kontraktwalisasyon, "two-tier wage system," "compressed work week" at katulad

nito) laluna sa dekada 1990.

Sa kabila ng mainam na sitwasyon para sa malawakang pagpukaw at pagpapakilos, sa pangkalahatan, hindi nakabwelo, manapa'y humina at umatras, ang kilusang unyon at mga pakikibakang manggagawa sa nagdaang tatlong dekada. Pininsala at pinahina ito ng mga wala sa lugar na gasgasang welga at labanan (sa tulak ng insureksyunismong lunsod) at ang kabilang mukha nito ng ligalismo, repormismo, ekonomismo, kolaborasyunismo, pati na korapsyon sa kilusang unyon. Sumapaw dito ang pasistang panunupil sa mga unyon at welga.

Pinuna at iwinaksi ang mga pagkakamaling ito sa panahon ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Upang tuluy-tuloy na sumulong, kailangang lubos na putulin ang mga buntot nito at pahigpitin ang kapit sa mga saligang prinsipyo.

Nakabase ang lakas ng mga manggagawa sa laki at dami ng mga unyon. Unyon ang sandata ng mga manggagawa para ipagtanggol ang kanilang kapakanan sa harap ng kapitalista. Lahat ng mga karapatan na tinamasa ng mga manggagawa—mas mataas na sahod, kaligtasan at kaseguruhan sa trabaho—ay nakamit hindi dahil sa pagkukusa o kagandahang-loob ng mga kapitalista, kundi

naipagtagumpay sa mahihirap, at kadalasa'y buhay-at-kamatayang mga pakikibakang unyon. Anumang saglit na humina o mabuwag ang unyon, ang mga karapatan at benepisyong naipagtagumpay ng mga manggagawa ay babawiin at ipagkakait ng mga ganid-sa-tubong kapitalista.

Kailangang paramihin at palakasin ang mga unyon. Dapat itong itayo sa pinakamaraming bilang ng pagawaan, laluna sa malalaking empresang may mataas na konsentrasyon ng mga manggagawa, kabilang ang mga nasa engklabo sa paggawa kung saan pinakamatindi ang panunupil at pagsasamantala. Dapat abutin ang mga manggagawa sa iba't ibang sentrong lunsod sa buong bansa. Dapat pangibabawan ang lahat ng sagabal sa pag-uunyon, kabilang ang ipinapataw na pamantayang ligal na naglilimita ng kasapiang ng unyon sa mga regular na manggagawa. Buklurin at pakilusin ang lahat ng manggagawa sa mga unyon, samahan ng mga kontraktwal at iba pang anyo ng samahan.

Sa pagbulusok ng ekonomya at kabuhayan, napapanahon at kailangang itulak ang isang malawakang kilusan sa pag-oorganisa at pakikibakang manggagawa para ipaglaban ang pagtataas sa sahod at pagpapabuti sa mga kundisyon sa paggawa.




Isagawa ang malawakang kampanya sa propaganda at edukasyon. Mata-pang, mapangahas at mapanlikhang itayo, pasiglahin at palakasin ang mga unyon at iba't ibang anyo ng samahang manggagawa. Kamtin ang ilang ulit na paglakas ng kilusang unyon sa isang takdang panahon.

Susi ang papel ng kilusang manggagawa sa pagsusulong ng malawakang kilusang masa sa kalunsuran. Ang malawakang pagkilos ng mga manggagawa ay matibay na angklahan para sa malawakang pagbubuo ng mga samahan, gremyo at iba pang tipo ng asosasyon ng iba't ibang demokratikong uri at sektor, para ipagtanggol ang kanilang interes at kapakanan.

Mula sa kanilang mga pabrika, dapat pakilusin ang mga manggagawa sa lansangan para ipamalas ang kanilang lakas sa pakikipaglaban para sa interes ng buong uri at buong bayan. Sa gayon, ang mga unyon ay nagsisilbi hindi na lamang sa interes ng mga manggagawa sa isang pagawaan, kundi nagsisilbing organisasyon para sa kanilang paglahok sa mga pakikibakang panlipunan. Higit sa lahat, dapat mulat na ikawing ng kilusang manggagawa ang sarili nito sa mga pakikibaka ng masang magsasaka sa kanayunan laban sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala at pasistang pang-aapi.

Dapat puspusang kumilos ang mga kadre at kasapi ng Partido upang magsilbing lihim na aserong gulugod ng kilusang manggagawa. Dapat silang magsilbing huwaran ng disiplina, sigasig, kawalang-pagod, tapang, determinasyon at rebolusyonaryong optimismo. Dapat nasa unahan sila ng masang manggagawa sa pagmartsa sa lansangan, at sa pagbagtas sa landas patungo sa kanayunan upang magsilbing mga mandirigma at kumander ng hukbong bayan.

Dapat itaas ang pampulitika at maka-uring kamulatan ng mga manggagawa at ituro ang kanilang namumunong papel sa rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya, at sosyalistang hinaharap. AB

|   |   |
|---|---|
| <br>Tomo LIII Blg. 22   Nobyembre 21, 2022   | <h2>Nilalaman</h2>  |
| Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. | <p><b>Editorial:</b> Palawakin at palakasin ang kilusang manggagawa at mga pakikibakang unyon 1</p> <p>Balik-tanaw sa kilusang welga noong '80 3</p> <p>Apat na opensiba, inilunsad ng BHB 4</p> <p>Mga protesta 4</p> <p>14-anyos na bata, inaresto ng militar 5</p> <p>Araw ng Pag-alaala sa mga martir 5</p> <p>Pag-aaral sa AKP, inilunsad sa Negros 5</p> <p>Tumataas na implasyon 6</p> <p>LitNum ng hukbong bayan sa Isabela 7</p> <p>Sa madaling salita 8</p> <p>Kawalang lupa sa Surigao del Sur 9</p> <p>Pagpahamak sa mga marinong Pilipino 10</p> |
| Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas  |   |
|  <a href="mailto:ang.bayan@cpp.ph">ang.bayan@cpp.ph</a>  |  <a href="https://twitter.com/angbayan1969">@angbayan1969</a>  |

# Balik-tanaw sa kilusang welga noong dekada otsenta

Pansamantalang nasupil ang kilusang welga at mga kilos protesta ng mga manggagawa at mga tagasuporta nito nang ipataw ni Ferdinand Marcos Sr ang batas militar sa buong bansa noong 1972. Ngunit nang tumindi ang krisis sa ekonomya, hindi nito nagawa na pigilang pumutok ang mga welgang nagsimula sa La Tondeña noong 1975. Nagtuluy-tuloy ito kasabay ang mga anti-pasistang pakikibaka na nagpabagsak sa pasistang diktadurang US-Marcos noong Pebrero 1986, at maging sa mga unang taon sa ilalim ng rehimen ni Corazon Aquino.

Ang mga taon na ito ay kinatangian ng laganap na mga welga at pakikibaka sa pabrika, pagkakaisa ng progresibo at militanteng mga unyon sa unahan ng kilusang paggawa, malawakang pagkapukaw ng mga manggagawa sa mga usaping unyon at pambansa, at ang aktibong partisipasyon ng libu-libong namulat na manggagawa sa mga aksyong pulitikal na matapang na nanguna sa buong demokratiko at patriyotikong kilusan.

Walang nakapigil sa bwelo ng kilusang paggawa. Noong 1981, nang magbanta ang diktador na ipatutupad ang Batas Pambansa 170 upang matigil ang mga pag-aklas ng mga manggagawa, kagyat itong sinagot ng mga welga noong Oktubre 15, 1981 ng mga manggagawa sa tela sa Solid Mills at International Pants Corporation sa Parañaque at Litton Mills sa Pasig, Metro Manila.

Nauna rito, nag-alsa noong Enero 5 at 7, 1981 ang 6,500 minero sa Benguet Mining Corporation sa Cordillera. Pinaralisa nila ang mga operasyon sa mga minahan sa Antasok, Acupan, Balatoc, Kelly at Atok-Big Wedge na tumagal ng siyam na buwan. Hiling nila ang ₱1 dagdag sa kanilang arawang sahod sa unang taon ng kanilang *collective bargaining agreement* (CBA). Noong Marso 31, 1981 inilunsad ang serye ng 50 welga upang ipatutupad ang dagdag sa sahod at alawans batay sa dikreto ni Marcos. Isa sa mga nagwelga ay ang 10,000 obbrero ng Novelty Corporation.

Sa Central Luzon, naparalisa ang

operasyon ng Pepsi-Cola Bottling Company noong Abril 4 nang magwelga ang 1,100 manggagawa sa 13 bodega nito sa Pampanga, Bulacan, Bataan, Zambales at Nueva Ecija. Giit ng mga welgista: ibigay ang pamas-kong bonus na hindi nila natanggap mula pa 1975. Sinuway naman ng 7,000 manggagawa ng Bataan Export Processing Zone (BEPZ) ang patakarang walang welga sa “paraiso” ng mga dayuhang kumpanya. Naglunsad ng pangkalahatang welga noong Hulyo 31, 1981 ang mga manggagawa ng Ford Ensite Ltd, Mariveles Apparel Corp., Integrated Electronics Inc., Monasteria Knitting Inc., at Mattel Phils Inc.

Sa Negros Occidental, nag-aklas noong katapusan ng Enero 1982 ang mahigit 1,000 manggagawa na kasapi ng National Federation of Sugar Workers sa Central Azucarera de La Carlota nang tumanggi ang kumpanya na ibigay sa kanila ang *13th month pay* para sa nakaraang ilang taon.

Sabay-sabay na nagwelga noong Abril 16, 1984 ang mga manggagawa sa 120 paggawaan sa Metro Manila upang batikusin ang mga pasistang atake at panunupil sa mga welgista sa mga piketlayn. Sa parehong araw, libu-libong manggagawa ang nagmartsa sa libing ng dalawang welgis-



ta sa Foamtex Industries na pinaslang noong Abril 7, 1984 habang nasa piketlayn. Lumawak ang welga sa Far Eastern University, Philex, Quezon Development Bank (sa Quezon at walong sangay nito sa Laguna, Batangas at Naga City), Milky Way Manufacturing and Chemical Manufacturing. Samantala, nagliban sa kanilang mga trabaho ang 5,000 manggagawa ng Meralco at nagmartsa sa paligid ng kanilang opisina sa Pasig.

Sa ikatlong pagkakataon, pumutok ang malawakang welga sa BEPZ noong Mayo 28, 1984. Sinalihan ito ng 15,000 manggagawa mula sa 18 unyon. Naganap ang nuanang mga welga noong Hunyo 1982 at Oktubre 1983.

Libu-libong manggagawa ang nagwelga sa 144 kumpanya sa Metro Manila noong Marso 10, 1984. Kabilang dito ang Rubberworld-Adidas (6,900), Yupangco Cotton Mills (3,000), Dai-ichi (4,000) at South Harbor (3,000).

Pagsapit ng 1986, higit na umun-

*Sundan sa pahina 4*

## Apat na opensiba, inilunsad ng BHB

INAMBUS NG Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga elemento ng CAFGU sa Barangay Manlut-od, Placer, Masbate noong Nobyembre 7. Dalawang elemento ang napatay at nasamsam sa kanila ang dalawang maikling armas, ilang mga magasin, mga bala at iba pang kagamitang militar.

Ang naturang ambus ay dagdag sa higit 20 aksyong gerilyang inilunsad sa prubinsya ng mga yunit ng BHB ngayong taon. Anang yunit, halos platoon ang bilang ng mga kaswalti sa hanay ng reaksyunaryong armadong pwersa sa mga ito.

Samantala, magkasunod na aksyong militar ang inilunsad ng BHB-Central Negros laban sa mga berdugong tropa ng 62nd IB noong Nobyembre 12.

Naganap ang unang opensiba bandang alas-5:32 ng hapon laban sa detachment ng militar sa Barangay Budlasan, Canlaon City. Pagsapit ng gabi, pinaputukan ng Pulang hukbo ang nagkumpulang mga sundalo ng 62nd IB sa *gym* ng Barangay Trinidad National High School, Barangay Trinidad, Guihulngan City. Isa ang napatay at dalawa ang nasugatan sa mga pasista sa mga armadong aksyon.

“Ang pananatili at pagkakampo ng militar sa mga paaralan at iba pang pampublikong lugar ay malinaw na paglabag sa mga tuntunin sa batas ng digma at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law,” anang BHB-Central Negros.

Sa Abra, pinaputukan ng yunit ng BHB ang isang kolum ng 54th IB at 102nd IB-de noong Nobyembre 4 sa Barangay Mogao, Licuan-Baay. Tatlong pasistang sundalo ang napatay. Kabilang sila sa tropang naglulunsad ng nakapokus na operasyong militar sa prubinsya sa nagdaang mga buwan.

*Mula sa pahina 3*

lad ang kilusang welga kung saan buong taong masiglang nasusteni ito. Tumaas ang mga bilang ng mga welga noong 1985 nang 30% mula 282 noong 1984 tungong 366. Higit ding dumami nang 67% ng mga manggagawa ang lumahok sa mga welga, mula 65,000 tungong 109,000.

Noong Nobyembre 13, 1986 dinukot at pinaslang si Ka Rolando Olalia, tagapangulo ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at ng Partido ng Bayan, at kasama ang unyonistang si Leonor Alay-ay. Umabot sa kalahating milyon ang nagmartsang manggagawa nang ilibing sina Ka Lando noong Nobyembre 20, 1986. Bilang pakikiramay, pinalarisa ng 15,000 manggagawa ang 28 sa 31 kumpanya ng BEPZ.

Umaabot sa 200,000 obrero ang nagdaos ng mga militanteng rali at demonstrasyon sa Metro Manila at iba pang sentrong urban ng bansa upang ipagdiwang ang makasaysayang araw ng paggawa noong Mayo 1, 1989. Nagtipon sa Luneta Grandstand sa Maynila ang may 130,000 manggagawa sa ilalim ng KMU. Isa sa pinakamalaking pagkilos ito para sa makasaysayang araw ng mga anakpawis na naging hudyat ng pagsimula sa pang-

kalahatang welga noong Mayo 26 hanggang 31, 1989. Sinalihan ito ng 500 unyon sa Metro Manila, 57 kumpanya sa Central Luzon, partikular sa Bulacan at Bataan, Southern Tagalog (11), Mindanao (69), Visayas (22) at Northern Luzon (3).

Pinalarisa sa buong bansa ang 700 kumpanya sa pagmamanupaktura, transportasyon at serbisyo, at nawala ang 5 milyong araw-paggawa sa mga kapitalista. Kumilos sila sa mga piket-layn sa harap ng mga pabrika, nagmartsa sa mga kalsada at nagdemonstrasyon sa mga plasa at sa harapan ng Kongreso. Demanda nila ang dagdag na ₱30 *across-the-board* sa arawang minimum na sahod sa lahat ng mga manggagawa.

Noong Mayo 30, nagpasa ang Kongreso ng panukalang batas na nagbigay ng ₱25-₱20-₱15 umento sa minimum na arawang sahod. Dahil dito, napwersa ang guberno na aprubahan ang panukalang batas sa kabila ng matinding pagtutol mula sa mga dayuhan at lokal na kapitalista at ng papet na rehimeng Aquino I.

Nakamit ng mga uring anakpawis ang kanilang mga tagumpay dahil sa lakas ng kilusang welga!

AB



### Global Climate Strike.

Inilunsad noong Nobyembre 12 ang mga protesta sa iba't ibang panig ng mundo kasabay ng COP27 (27th Conference of the Parties). Sa Pilipinas, nagtipon ang mga demokratikong grupo sa Bantayog ng mga Bayani sa ilalim ng panawagang Climate Justice Now at End Climate Imperialism.

### Sahod Itaas, Presyo Iba-

**ba.** Petyon at serye ng mga pagkilos ng mga unyon at grupong manggagawa para itulak ang estado na itaas ang sahod at ibaba ang presyo ng mga bilihin. Sinimulan ang *petition signing* sa Cubao, Quezon City noong Nobyembre 11. Noong Nobyembre 16, nagtungo sila sa Kongreso para ipanawagan ang pagsabatas ng Anti-Union Interference Bill.

### Dadag-badyet sa mga ospital.

Nagpiket sa harap ng Senado ang mga myembro ng Alliance of Health Workers noong Nobyembre 17 para igiit ang dagdag-badyet para sa mga pampublikong ospital, taas-sweldo at dagdag na mga manggagawang regular.

### Unity walk laban sa

**ROTC.** Naglunsad ng isang “unity walk” ang daan-daang estudyante mula sa iba't ibang unibersidad sa Metro Manila noong Nobyembre 18, Internasyunal na Araw ng Mga Estudyante. Tinutulan nila ang pagbabalik sa Mandatory ROTC sa mga eskwelahan na itinutulak ni Bise Presidente Sara Duterte.

# 14-anyos na bata, inaresto ng militar

**I**naresto at ininteroga ng 94th IB noong Nobyembre 14 ang 14-anyos na batang babae na si Jelca Ariola sa Sityo Suba-Suay, Barangay Mahalang sa Himamaylan City, Negros Occidental sa paratang na anak siya ng Pulang mandirigma. Pauwi galing eskwelahan si Ariola nang lapitan ng militar at dalhin sa detatsment. Pinakawalan siya matapos ang ilang oras na panggigipit at pananakot. Sa parehong syudad, binugbog at ininteroga ng 94th IB si Tata Balasabas sa Sityo Pisok, Barangay Buenavista noong Nobyembre 11.

Ilegal na inaresto ang magsasakang si Charlie Lelis noong Nobyembre 1 sa Barangay Sangat, Gubat, Sorsogon sa gawa-gawang kasong pagpatay at tangkang pagpatay. Idinawit si Lelis sa isang engkwentro ng Bagong Hukbong Bayan at mga sundalo.

Pinasabugan ng M203 at inistraping ng 203rd IBde ang mga bahagi ng Barangay Rizal, Aguas, at Pitogo sa Rizal, Occidental Mindoro, ala-1 ng madaling araw noong Nobyembre 6. Sa sumunod na araw, walong habas na pinaulanan ng bala ang katabing barangay ng Manoot,

Rizal. Tinatayang 100 pamilya ang lumikas para sa kanilang kaligtasan.

## Operasyong militar sa Negros

Mula Nobyembre 2, nag-ooperasyon na ang 300-400 tropa ng 62nd IB sa hangganan ng mga bayan ng Binabagan at Isabela sa Negros Occidental at La Libertad sa Negros Oriental. Hindi bababa sa 10 barangay at 20 sityo ang apektado ng naturang operasyon. Sa ilang lugar ay nagpatupad ng *curfew* ang mga sundalo. Nagkakampo rin sila sa mga sentro ng barangay, bahay ng mga residente at iba pang sibilyang istruktura. Guma-

gamit sila ng mga *drone* na nagdudulot ng takot sa mga residente dahil sa maingay nitong tunog.

Noong Nobyembre 5, ilegal na inaresto si Tonie Elod matapos halughugin ng 62nd IB ang kanyang bahay sa Sityo Mabato, Barangay Talaon, La Libertad. Dinakip din nila si Joel Carpio, komprador ng baboy na taga-Barangay Cansumandi. Nilagyan ng plastik ang kanyang ulo habang kinakastigo.

Pitong magsasaka ang ininteroga at tinakot ng mga sundalo, at hindi bababa sa limang kabahayan ang pinasok at isang bahay ang nirsak sa mga Barangay Macasilao at Winaswasan sa Calatrava at barangay Bug-ang at Magticol, Toboso noong Oktubre 19. Ang mga paglabag na ito ay bunga ng panibagong bwelo ng mga nakapokus na operasyong militar sa mga bayan sa Northern Negros mula Oktubre. **AB**

## Araw ng Pag-alaala sa mga martir ng rebolusyon, inilunsad

KASABAY NG PAGTITIRIK ng mga kandila, sama-samang inalala at pinagpugayan ng mga Pulang mandirigma ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindanao ang mga bayani at martir ng demokratikong rebolusyong bayan. Kaugnay ito ng inilunsad na araw ng paggunita sa mga martir noong Nobyembre 7 sa pangunguna ng National Democratic Front (NDF)-Mindanao. Itinaon ito sa araw ng pagtatagumpay ng Sosyalistang Rebolusyon sa Russia noong 1917.

Inialay ang paggunita kina Jorge Madlos (Ka Oris), pambansang tagapagsalita ng BHB, Antonio Cabanatan (Ka Manlimbasog), myembro ng Komisyon sa Mindanao ng Partido, Menandro Villanueva (Ka Bok), pambansang kumander ng BHB, at maraming mahuhusay na kadre ng Partido at kumander at mandirigma ng BHB na nagbuwis ng buhay alang-alang sa rebolusyon.

Sa Surigao del Sur, nagtipun-tipon ang masa sa lokalidad at mga Pulang mandirigma para ilunsad ang kanilang simpleng aktibidad. Nagbigay ng mga mensahe ang mga mandirigma at maging ang mga masa na dumalo sa pagtitipon. Hindi rin pinalampas ang pagkakataon para mag-alay ng kani-kanyang pangkulturang pagtatanghal ang mga dumalo para sa programa.

"Dapat lang na sumuporta at makilahok sa pakikibaka hanggang sa tagumpay," sabi ng isang residenteng dumalo. Sambit pa ng isa, "tunay ngang ang BHB ang tagapagtanggol at sundalo ng masang api."

Naglunsad din ng katulad na pagtitipon ang yunit ng BHB sa Agusan del Norte at iba pang bahagi ng Mindanao. Napuno ng emosyon ang mga pagtitipon ngunit sa kahuli-huliha'y muling pinagtibay ng bawat isa ang determinasyon na sumulong.

## 3 bats ng pag-aaral ng AKP, inilunsad sa Negros

SA UNANG ANIM na buwan ng taong 2022, nakalunsad ang Partido Komunista ng Pilipinas sa isla ng Negros ng tatlong pag-aaral sa Abanteng Kurso ng Partido (AKP). Naidamos ito sa mga larangang gerilya sa harap ng maigting at tuloy-tuloy na mga operasyong militar ng pasistang 3rd ID.

Mayaman ang naging talakayan at pagpapalitan ng mga ideya at karanasan dahil nagmula sa iba't ibang uri ang dumalo sa mga pag-aaral. Signipikante ang pagpapatapos ng hindi bababa sa 40 indibidwal sa mga pag-aaral makaraan ang unang serye nito noong unang bahagi ng 2019.

Ang AKP ay bahagi ng tatlong antas na kurso ng Partido. Kumprehensibong pinagaralan dito ang mga sulatin ng mga dakilang komunistang lider na sina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao.

"Mas nakita ko kung paano mailapat ang ating teorya sa mga praktikal na problema ng rebolusyon," ayon sa isang mag-aaral.

"Mas napatatag ang aking makauring paninindigan. Ang paggradweyt natin ay malaking sampal sa kaaway!" dagdag ng isa pa.

# Tumataas daw ang implasyon dahil tumataas ang *demand*?

Hindi nagulat ang masang anakpawis sa pagsirit ng tantos ng implasyon tungong 7.7% noong Oktubre. Ramdam na ramdam nila ang pagliit ng halaga ng kanilang sahod at kita, at ang pagkalam ng sikhura ng kanilang mga pamilya.

Ang nakagugulat ay ang ipinagmalaki ng mga upisyal ng estado na lumago ang ekonomya dulot ng pagbwelo ng paggasta ng mga pamilya habang “bumabalik na” ang mamamayan sa “buhay bago ang pandemya.” Lumikha diumano ito ng “pagtaas ng *demand*” na itinuturo nilang isa sa mga dahilan kung bakit patuloy na tumataas ang presyo ng mga bilingin.

“Buwaon! Hirap na hirap na mga tawo didi, nanun insasabi nila na lumalaki ang *demand*?” (Sinungaling! Hirap na hirap na ang mga tao dito, anong pinagsasabi nilang tumaas ang *demand*?) Ito ang reaksyon ni Mang Tani, 37-taong gulang na manggagawang-bukid sa isang niyugan sa Sorsogon, nang tanungin siya kaugnay dito.

Nagtala ang kalakhan ng rehiyon ng Bicol ng 7.2% na tantos sa implasyon noong Oktubre, mas mataas nang 0.6% kumpara sa Setyembre. Tulad sa ibang bahagi ng bansa, pinakamabilis na sumirit ang mga presyo ng pagkain sa rehiyon.

Dagdag-pasanin ang mga pagtaas na ito kay Mang Tani. Nakikitanim siya ng kamoteng kahoy sa lupa ng kanyang tenanteng mga magulang para makadagdag ng kita. Kahit mamasukan pa siya sa pangatlong trabaho, hindi pa rin sapat ang kanyang kikitain. Sa kabuuan ng rehiyon, nakapako ang sahod sa lahat ng sektor sa ₱345/araw. Malayong-malayo ito sa ₱1,119 na nakabubuhay na sahod para sa 5-kataong pamilya.

Gayundin ang kalagayan ni Mai Sinay, isang lola na may 5-ektaryang niyugan na tinatrabaho ng kanyang pamilya.

“Kulang na kulang ang kita lulu-

na ang baba ng bilihan ng kopra ngayon,” kwento niya. May inaalaagan siyang limang apo, edad lima hanggang 16-taong gulang.

“Liban sa pagkain, pinakamabigat ang singil sa kuryente,” aniya. “Dagdag pa ang mga *project* ng mga bata.” Walang pangastos sina Mai Sinay labas sa pinakabatayang mga pangangailangan.

Tulad ni Mang Tani, di kabilang ang pamilya ni Mai sa mga “nagpataas ng *demand*.”

“Mas bumaba nga dahil walang pambili,” aniya. “Mas kumonti rin ang nabibili.”

## Maling suri, maling tugon

Binatikos ng Ibon Foundation ang tugon ng estado na pagtataas ng tantos sa interes para rendahan ang dagdag pang pagsirit ng implasyon. Anim na beses nang itinaas ng Bangko Sentral ng Pilipinas ang *interest rate* mula Hulyo.

Ayon sa grupo, ang pagtataas ng *interest rates* ay maaaring lalupang magpabagal sa ekonomya, magbunga sa disempleyo at pagpabagsak ng kita ng mga pamilya. “Bumabagal na ang ekonomya, ang nalilikhang mga trabaho ay *low-paying* (mababa ang sahod) at di pormal, at dati nang di tumataas ang kita ng mga pamilya.”

Hindi angkop na paraan ang pagtataas ng *interest rate* para agapan ang implasyon, anito. Ito ay dahil hindi nanggagaling ang pagsirit ng presyo sa pagtaas ng *demand*. (Sa mga kapitalistang bansa, nangyayari na tumataas ang implasyon kapag mataas ang empleyo at maraming hawak na perang pangastos ang mga konsyumer na manggagawa.) Anang Ibon, ang dinaranas na



implasyon sa bansa ay dulot ng tinatawag na “cost-push” na mga salik. Ang mga ito ay dagdag sa gastos sa produksyon, na siya namang nagpapataas sa presyo ng mga produkto.

Ang totoo, bumagal pa nga ang paggasta ng mga pamilya, na makikita sa datos ng estado sa pagliit ng halaga ng *household spending* sa nakaraang tatlong kwarto. (Ang *household spending* ang suma ng ginagasta ng mga pamilya para sa batayang mga pangangailangan tulad ng pagkain, damit, upa, gastos sa enerhiya, transportasyon, *durable goods* tulad ng kotse, gastos medikal, pagliwaliw at iba pang serbisyo.) Sa Pilipinas, binubuo nito ang 80% ng *gross domestic product*, at isang pangunahing sukatan ng *demand*.

Dagdag sahod ang panawagan ng kilusang mangagagawa sa gitna ng pagsirit ng implasyon. Dahil sa nagtataasang presyo, nasa ₱494 na lamang ang tunay na halaga ng sahod sa National Capital Region na ₱570. Matagal nang dapat itinaas ang sahod, laluna matapos lubhang naagnas ang halaga nito dulot ng mapangwasak na mga *lockdown* sa nakaraan, walang tigil na pagtaas ng presyo ng petrolyo at iba pa. Kasabay nito, panawagan ng mga demokratikong sektor na isuspinde o tanggalin ng estado ang mga buwis na nakapatong sa mga kinokonsumong produkto tulad ng VAT at mga *excise tax* sa langis.

# LitNum ng hukbong bayan sa Isabela

Marami sa mga Pulang mandirigma sa Isabela sa Cagayan Valley ay mula sa uring magsasaka at pambansang minorya. Kabilang sila sa pinakaapi at pinakapinabayaang sektor ng lipunan. Dahil dito, marami sa kanila ang hindi nakatuntong sa anumang paaralan, at hirap, kung may kaalaman man, sa pagbabasa, pagsusulat at pagkwenta.

Para punan ang kapabayaang ito at isulong ang kanilang karapatan sa edukasyon, bumuo ang isang yunit ng hukbong bayan sa Isabela ng programang Literasiya at Numerasiya o LitNum na angkop sa kanila. Inilulunsad dito ang pormal na mga klaseng may katangiang "klasrum" kung saan kalahok ang dalawa o higit pang bilang ng mga estudyanteng magka-antas ang kakayahan.

Iniluwal ng praktikang ito ang kurikulum para sa mga kasama na marunong nang magbasa at magbilang upang patuloy pang paunlarin ang kanilang kakayahan. Nakaangkla ito sa mga gawaing ginagampanan nila sa loob ng hukbong bayan. Nakadiseno ito para mabigyan sila ng dagdag na kumpyansa na mangu-na sa mga pampulitikang gawain sa hanay ng kapwa mandirigma at masa. Ilan sa mga naging pangunahing pokus ang: Pagbabasa at Pag-unawa, Pakikinig at Pag-unawa, Malikhain at Teknikal na Pagsusulat, Pagkwenta, at Pagsasalita sa Publiko. Epektibo itong naipatagos sa pamamagitan ng iba't-ibang malikhaing pamamaraan at pangkulturang aktibidad. May mga pag-aaral din sa syensya at kasaysayan na bukas sa lahat ng mga Pulang mandirigma.

Isang napatunayang epektibong pamamaraan ang "Song Analysis" na naglalayong masanay sa pakikinig ang mga kasama at matalas na suriin ang mensahe ng mga kanta, balita o pag-aaral. Paborito ito ng mga kasamang mahilig sa musika. Naglunsad din ng mga palihan sa paggawa ng tula at sanaysay na naakaayon sa mga rebolusyonaryong tema upang masubaybayan ang pagbaybay ng mga salita at pagbuo ng istruktura ng mga pangungusap

o taludtod.

Panapos ng mga klase ng syensya at kasaysayan ang mga pagsusulat na nagtutulak sa mga kasama na makinig nang mabuti at magtala sa gitna ng mga talakayan. Ang mga kasamang hindi pa nakapagsusulat ay hinihikayat na kopyahin ang mga salita (na nasa biswal) sa tulong ng mga kasamang marunong nang mag-sulat. Nakatutulong ito sa pagkaka-bisa ng mga detalye lalo na kung ba-go sa pandinig ang mga salita.

Naglulunsad din ng "Clue Hunt" kung saan ang hahanaping mga "clue" o palatandaan ay nakatago sa iba't ibang erya ng kampuhan at may magkakaugnay na panuto. Dapat mahanap at masagutan nila ang lahat ng mga ito bago maubos ang inilaang oras.

Iniuugnay naman ang "Pagbaha-hagi ng Kasanayan" sa produksyon tulad ng pagpapakat ng silo (bitag), pagkakayas ng rattan o uway, pagkuha ng ubod, at iba pa, para itaas ang diwa ng pakikipag-aralan sa pagitan ng mga guro at estudyante. Isang paraan din ang pagbubuo ng Talasalitaang Marxismo-Leninismo-



Maoismo na naglalaman ng mga karaniwang salitang nababanggit sa mga pag-aaral. Nilalangkapan ito ng estudyante ng mga maiiksing paliwanag batay sa kanyang pag-unawa, na ginagabayan ng kanyang guro. Malaking tulong ito sa paghanda sa mga estudyante sa pagkuha ng mga Kursong Pampartido.

## Pagharap sa mga kasamang tinatayang may *dyslexia*

Bumuo ang grupo ng mga instruktur ng kurikulum na naka-angkop sa kahirapan sa pagbabasa ng isang kasamang *dyslexic*. (Ang *dyslexia* ay isang kundisyon kung saan nahihirapang kumilala sa mga letra at numero na nagiging sagka sa pagkatutong magbasa at magsulat).

Bahagi ng proseso ng pagkatuto ang pagkorte ng estudyante ng mga letra at numerong nakakalimutan o hindi napag-iiba sa bawat isa kapag nakasulat gamit ang mga piraso ng kahoy at lubid. Dahil ang kasamang ito ay nagsasanay din bilang medik, ginawan siya ng malalaking larawan ng *thermometer* at *sphygmomanometer* bilang pagsasanay sa numerasiya, kasama ng marami pang biswal upang makatulong sa pag-aaral ng akupangtura at mga pangalan ng mga gamot.


Nagresulta sa mataas na pagpapahalaga sa patuloy na pag-aaral at masiglang diwa ng pakikipag-aralan ang masayang karansang ito. Mabilis na naabot ng yunit ang 100% na antas ng literasiya kung saan may minimum na kakayahan sa pagbabasa at pagsusulat. Napanday ang mahuhusay na estudyante sa pagbabasa, pagbibilang, pagkwenta at pagsusulat sa loob lamang ng maikling panahon. Nakatulong nang malaki ang paglulunsad ng mga pulong pagpuna at pagpuna-sa-sarili sa pagitan ng mga guro at estudyante sa pagpaunlad ng mga materyal at pamamaraan ng programang LitNum. AB

# 1,480

pamilyang **nagbakwit** sa **Ungkaya Pukan, Basilan** noong **Nobyembre 7** nang sumiklab ang sagupaan ng **MILF** at **AFP**.

# 5

dagdag sa itatayong **pasilidad ng militar** ng US sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.



# 842

**bilangong pulitikal** sa Pilipinas, kabilang ang 15 ikinulong sa ilalim ng rehimeng Marcos II.

# 11,000

manggagawang sinipa ng **Meta Platforms** (may-ari ng Facebook at Instagram) ngayong Nobyembre. Sisipain din ang **10,000** manggagawa sa kumpanyang **Amazon**.



Rolando  
"Ka Lando"  
Olalia



tagapangulo ng KMU na pinaslang, kasama si **Leonor Alay-ay**, noong **Nobyembre 13, 1986** ng mga ahenteng militar. **Wala pang napaparusahan sa krimen.**



binuo ng mga **tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa Pilipinas** na humarap sa **United Nations Universal Periodic Review** sa **Switzerland** noong **Nobyembre 14**.

# 8 bilyon

na ang **populasyon** sa buong mundo noong **Nobyembre 16**.



# 48,000

mga guro at iba pang manggagawa sa **University of California** sa US ang nagwelga noong **Nobyembre 14** laban sa mababang pasahod at di makatarungang mga kundisyon sa paggawa.





# Kawalang lupa ng mga magsasaka sa Surigao del Sur

Baon sa utang dahil sa taas ng gastos sa produksyon ang mga magsasaka ng palay sa Surigao del Sur. Nagtaasan ang presyo ng abono, pestisidyo at produktong petrolyo pero walang pagbabago sa presyo ng pagbili sa kanilang mga produkto. Higit pa, nananatiling pinakamalaking bulto ng kanilang kita ay napupunta sa upa sa lupa sa anyo ng mapagsamantalang partehan sa pagitan nila at kanilang among panginoong maylupa. Nananatiling ang kawalan ng sariling lupa ang pinakamalaking salik sa kanilang pagkalugi at paghihirap.



## Relasyong panginoon-kasama

*Saup* o *kasama* sa palayan si Tatay Bebot. Tatlumpong taon na niyang sinasaka ang 2-ektaryang lupa na hindi kanya. Nagawan niya ito ng 12 *sukod* o *parsela* at nakaani siya rito ng 40 sako kada taniman.

Umiiral ang hatiang 50-50 sa pagitan ni Tatay Bebot at ng kanyang among may-ari ng lupa. Sagot ni Tatay Bebot ang lahat ng gastos sa produksyon. Ito ang pinakamapagsamantalang hatian sa prubinsya kung saan umiiral na ang hatiang 70-30 pabor sa *kasama* at 50-50, kung saan sagot naman ng amo ang gastos sa produksyon. Hindi siya makaalma sa takot na palitan siya bilang kasama.

Nitong nagdaang anihan, umabot sa ₱40,000 ang kanyang kita sa bilihing ₱1,000 kada sako o ₱20 kada kilo ng palay. Sa hatiang 50-50, obligado siyang iabot ang ₱20,000 sa kanyang amo bilang upa sa lupa.

Sa bawat taniman, gumagastos si Tatay Bebot ng ₱10,500 para ipangisahod sa mga manggagawang bukid na kinakatuwang niya sa paghahanda ng lupa, pagpupunla, pagtatanim, pag-aayos ng pilapil hanggang sa pag-ani. Ang bili niya sa binhi sa halagang ₱1,000 kada sako. Gumagastos siya ng ₱4,500 para sa pagpapa-ispray ng pestisidyo. Ang gastos niya sa abono ay ₱3,200. Lahat-lahat, umabot sa ₱27,500 o ₱222.2 kada araw sa 90 na araw na siklo. Hindi lamang hindi kumita,

abonado pa si Tatay pagkatapos ng anihan!

"Hindi talaga kasya," aniya. "Yung kita, lahat napupunta sa gastos sa pagsasaka. Nagtityaga lang talaga kami at nangungutang sa amo naming maestro." Tulad ng ibang *saup*, siya'y lubog at di na makaahon sa di mabaya-bayang utang.

Pangarap sana niyang makapagtapos sa pag-aaral ang kanyang limang anak. Pero dahil laging lugi sa anihan, iniisip niyang patigilin na muna at patulungin sila sa bukid.

## Malayo sa "simpleng buhay"

Sa likod ng romantisidong "simpleng buhay" sa kanayunan ang masidhing paghihirap ng mga magsasaka, manggagawang bukid at kanilang mga pamilya.

Sa kaso ni Tatay Bebot, kailangan niya ng minimum na ₱575 kada araw para sa bigas, ulam at asin, pamasaha ng kanyang mga anak at gamit pangkalinisan tulad ng sabon at *toothpaste* pa lamang.

Dagdag dito ang pana-panahong gastos para sa mga prodyek ng mga bata sa eskwelahan, sigarilyo, *load* pang-selpon at iba pa. Wala siyang nakaimpok para sa mga biglaang gastos tulad ng mga pagkaka-sakit. Mas lalong wala siyang pondo sakaling mawasak ang kanyang sakahan sa harap ng malalakas na bagyong madalas dumadaan sa kanilang prubinsya.

Para makaagapay, namamasukan si Tatay Bebot bilang kasama sa

ibang sakahan, *construction worker* at minsan ay nangingisda. Sa pana-panahon ng mga trabahong ito, kumikita siya ng di lampas ₱300 katumbas ng buong araw na pagbabanat ng buto.

"Syempre, tulad ng iba, pangarap kong magkaroon ng sariling lupa para may bumalik man lamang kahit paano sa itinatrabaho ko sa pagsasaka," aniya.

## Tunay na repormang agraryo

Patuloy na itinutulak sa prubinsya ang pagbabago sa hatian ng kita mula 50-50 at 70-30 tungong 75-25, pabor sa magsasaka. Ito ay para bigyan ng alwan ang mga nagbubungkal ng lupa habang ipinaglalaman nila ang karapatan nila sa lupa.

Sa pamamagitan ng kolektibong pagkilos sa nakaraan, napa-taas ng mga magsasaka ang presyo ng bilihan ng palay, kopra at abaka, mga prinsipal na pananim sa prubinsya. Naitaas din ang bilihan ng komersyal na kahoy.

Kasabay nito, naitulak ng mga manggagawang-bukid tungong ₱350-₱400 ang arawang sahod mula sa napakababang ₱150-₱200. Naigiit din nila ang libreng tanghalian at isnaks.

Sa ngayon, muling ibinubwelo ang mga kampanyang ito kaakibat ng paglaban sa matinding militarisasyon sa malaking bahagi ng prubinsya na kinatampukan ng mga pag-aaresto, detensyon at pagpatay sa mga lider-magsasaka. AB

# Pinapahamak ng guberno ang mga marinong Pilipino

Unod sa patung-patong na suliranin ang mga Pilipinong marino at mandaragat. Kinahaharap nila ang usapin sa kawalan ng trabaho, kontraktwalisasyon, mataas na bayarin sa pagsasanay, sapilitang mga singilin at iba pa. Pinababayaan sila ng guberno sa kabila ng remitans na ipinapasok nila sa bansa.

Sa datos ng Concerned Seafarers of the Philippines (CSP), tinatayang hindi bababa sa 750,000 ang rehistradong marino at mandaragat sa Pilipinas. Sa bilang na ito, 400,000 lamang ang nakasasakay sa barko na may kontrata sa prinsipal o kumpanya.

Nangunguna ang Pilipinas sa pinagkunan ng mga marino sa buong mundo, ayon sa datos ng UN Conference on Trade and Development noong 2021. Tinatayang mayroong isang marinong Pilipino sa bawat apat hanggang limang crew ng mga sasakyang pandagat sa kahit anong panahon.

Noong taong iyon, nakapagdala ang mga marino ng \$6.55 bilyong remitans o halos 21% ng kabuuang remitans na ipinasok ng mga migranteng manggagawang Pilipino sa bansa na \$31.42 bilyon. Tinatayang 8.9% ang kabuuang kontribusyon ng mga remitans na ito sa *gross domestic product* ng bansa.

## Disempleyo at kontraktwalisasyon

Kamakailan, naiulat na nanganganib na hindi na makasasakay sa mga barko sa Europe ang mahigit 50,000 marinong Pilipino. Bunga ito ng kapalpakan ng guberno ng Pilipinas na itaas ang antas ng kakayahan at kalagayan ng mga marinong Pilipino.

May pangambang pumalya ang bansa sa ebalwasyon ng European Maritime Safety Agency (EMSA) sa pamantayan ng pagsasanay o International Convention on Standards of Training, Certification, and Watchkeeping for the Seafarers

(STCW) ngayong taon.

Simula pa 2006, makailang-ulit nang pinuna ng EMSA ang Pilipinas at mga ahensya nito sa napakababang kakayahan ng mga marinong Pilipino. Noong 2020, ilan sa pinuna ng EMSA ang kakulangan ng kagamitan sa pagsasanay, hindi angkop na patakaran sa pagtuturo at pagtatasa, at 46 pang "areas of concern." Sa kabila nito, walang sinipikanteng aksyon ang guberno.

Ayon sa CSP, ang pangunahing salarin sa kapalpakang ito ay ang pagpapaubaya ng guberno sa mga pribadong paaralan para magsanay ng mga marino. Anila, inabandona ng estado ang tungkulin nito sa sektor. Sa 76 na unibersidad na mayroong programa o kursong pagmamamaring sa bansa, 58 ang pribado.

Bwelta ng CSP, napakamahal ng matrikula at bayarin sa itinakdang pagsasanay ng Commission on Higher Education (CHED) at Maritime Industry Authority (MARINA), hindi naman pala ito pasado sa pamantayan ng EMSA. Hindi bababa sa ₱83,985 ang binabayaran ng bawat isang marino para sa itinakdang mga pagsasanay, liban pa sa matrikula (₱20,000-₱90,000 kada taon) at ibang gastos sa pag-aaral.

Taun-taon, 25,000 estudyante ang nagtatapos sa mga eskwelahang pangmarino ngunit 5,000 lamang sa kanila ang nakakukuha ng trabaho sa mga komersyal na barko. Kung makasasakay ng barko, kontraktwal ang katayuan ng karamihan. Limitado sa anim na buwan ang kanilang trabaho at wala silang mga benepisyo.

Nakapako sa \$400 (o ₱23,200



sa palitang \$1=₱58) kada buwan ang sahod ng mga marinong mababa ang ranggo at mga ordinaryong seaman.

Ginagatasan din sila ng guberno sa sapilitang pangungulekta ng PhilHealth (4% ng buwanang sweldo), Pag-ibig at Social Security System na bihira nilang mapakinabangan.

Sa ilalim ng mga ito, pinuna ng CSP ang pinatindi pang programa ng guberno sa pag-eeksport ng lakas-paggawa ng mga Pilipino. Anila, sa kawalan ng trabaho sa sariling bayan, ibinebenta ang mga Pilipino para magtrabaho sa dayuhang bayan.

## Pagkakaisa at paglaban

Nabuo ang CSP bilang samahan ng mga marino sa rurok ng pandemyang Covid-19 kung saan lalupang tumindi ang pagsasamantala sa mga marino at mandaragat.

Sa inilunsad nitong asembleya noong Oktubre 24, pinagtibay nila ang pagkakaisa para igiit ang regularisasyon ng mga marino, pagkakaroon ng batayang mga benepisyo, pagtaas ng sahod, at pagbasura sa *age limit* para makapagtrabaho. Isusulong din nila ang pagkakaroon ng abot-kayang edukasyon para sa mga marino, pagtatakda ng 8 oras na paggawa at pagkakaroon ng taunang *leave*.

Suportado rin nila ang panukalang Magna Carta of Filipino Seafarers o House Bill 4438 ni Rep. Arlene Brosas ng Gabriela Women's Party na inihain noong Setyembre 2022.

AB